# MGA KOLEHIYO, UNIBERSIDAD, AT TEKNIKAL NA PAARALAN

2

ARALIN

## TALAAN NG MGA TATALAKAYIN

- Panimula
- Dalawang Taong Kolehiyo, Apat na Taong Kolehiyo
- Paglilimita sa Larangan
- Ang Tamang Katangian
- Konklusyon
- Pagtatasa sa Estudyante

## MGA LAYUNIN

Matukoy ng mga estudyante ang pagkakaibang mga unibersidad, kolehiyo, community college, at paaralang teknikal.

Mailinaw ng mga estudyante ang kanilang mga pangangailangan sa edukasyon pagkatapos ng high school batay sa mga kalakasan, requirement, matrikula, at lokasyon ng mga paaralan.

# MGA KINAKAILANGANG MATERYALES

- Isang lokal na mapa ng kalsada o transportasyon (Panimula)
- Iba't ibang paglalarawan ng kolehiyo, brochure, at catalog mula sa aklatan ng inyong paaralan, sapat para sa bawat pares ng estudyante (Isama ang mga kolehiyo na pang-apat na taon, community, at teknikal, na may diin sa mga lokal na paaralan.) (Bahagi I)
- Isang kopya ng activity sheet na "Survey sa Kolehiyo" para sa bawat estudyante (Bahagi I at Bahagi II)
- Isang kopya ng activity sheet na "Paglilimita sa Larangan" para sa bawat estudyante (Bahagi II)
- Isang kopya ng activity sheet na "Paghahanda para sa Kolehiyo" para sa bawat estudyante (Bahagi II)
- Isang kopya ng activity sheet na "Patuloy na Lumilinang sa mga Landas ng Karera ang Pinagmulan sa Bronx" para sa bawat estudyante (Bahagi III)

# Panimula 3 Minuto

Ipakita sa mga estudyante ang isang lokal na mapa ng kalsada o transportasyon. Ituro ang mga lokasyon ng paaralan at isa pang palatandaan. Itanong, “Paano ka makakarating mula sa paaralan patungo sa palatandaang ito?” Hayaan ang klase na talakayin ang iba't ibang ruta at opsyon. Itanong, “Ano ang pinakamahusay na paraan upang makarating doon? Ano ang kailangan mong malaman upang maisagawa ang paglalakbay?” (Ang pinakamahusay na paraan ay malamang ang pinakadirektang ruta. Kailangan mong malaman ang mga kalsada at/o opsyon sa transportasyon upang matukoy ang pinakadirekta o pinakamahusay na ruta.)

Sabihin sa mga estudyante na ang mgakarerang nakapagbibigay-kasiyahan ay ang mga destinasyon, at ang mga kolehiyo, unibersidad, at paaralang teknikal ay ang iba't ibang opsyon para makarating doon. Ipaliwanag na sisimulan nilang tuklasin ang iba't ibang landas na magagamit pagkatapos ng high school.

# Bahagi I: Dalawang Taong Kolehiyo, Apat na Taong Kolehiyo 15 Minuto

Layunin: Maunawaan ng mga estudyante ang pagkakaiba ng dalawang taong kolehiyo at apat na taong kolehiyo.

**1. Makapagbasa ang mga estudyante ng tungkol sa iba't ibang uri ng kolehiyo.**

Sabihin sa mga estudyante na sisiyasatin nila ang ilan sa mga opsyon sa edukasyon pagkatapos ng hayskul na available sa nila. Hatiin ang klase sa magkakapares at bigyan ang bawat pares ng estudyante ng isang paglalarawan, brochure, o catalog mula sa isang lokal na kolehiyo.

Ipaliwanag sa mga estudyante na bawat pares ay magpepresenta ng kanilang kolehiyo sa buong klase. Habang nagbabasa ang mga estudyante tungkol sa kanilang mga kolehiyo, tagubilinan silang salungguhitan o bilugan ang anumang salita o termino na nangangailangan ng kahulugan o

karagdagang talakayan. Talakayin at bigyang-kahulugan ang mga sumusunod, kasama ang anumang iba pang termino na maaaring ikalito ng mga estudyante, kung kinakailangan:

- Mga community college: Ito ay mga lokal na kolehiyo na nag-aalok ng mga programang associate's degree na karaniwang tumatagal ng dalawang taon ng full-time na pag-aaral. Maraming estudyante ang lumilipat sa apat na taong kolehiyo upang makuha ang kanilang bachelor's degree.
- Mga paaralang teknikal/okupasyonal/bokasyonal: Ang mga paaralang ito ay nagbibigay ng pagsasanay sa trabaho na dumudulo sa isang diploma o sertipikasyon sa isang larangan. Ang ilang community college ay nag-aalok ng mga pinagsamang programa sa mga paaralang teknikal upang ang mga estudyante ay makakuha ng mga credit sa kolehiyo kasabay ng kanilang pagsasanay na bokasyonal.
- Mga apat na taong kolehiyo: Ang mga apat na taong kolehiyo ay nag-aalok ng mga programang bachelor's degree na nangangailangan ng humigit-kumulang 120 credit upang makapagtapos at karaniwang tumatagal ng apat na taon ng full-time na pag-aaral.
- Mga Unibersidad: Ang mga unibersidad ay malalaking institusyong kinabibilangan ng kolehiyo ng sining at/o agham, mga propesyonal na paaralan, at mga graduate studies. Tulad ng mga apat na taong kolehiyo, ang mga unibersidad ay nag-aalok din ng mga undergraduate degree.

Sa kanilang mga presentasyon, dapat isama ng mga estudyante ang impormasyon tungkol sa mga programa ng degree, matrikula, lokasyon, mga opsyon sa transportasyon, mga requirement sa pagpasok, mga club, mga pasilidad, at mga palakasan. Bigyan ang mga estudyante ng ilang minuto upang ihanda ang kanilang mga presentasyon.

**2. Makapagbahagi ang mga estudyante ng impormasyon tungkol sa iba't ibang kolehiyo.**

Kapag tapos na ang mga estudyante, ipamahagi ang activity sheet na “Survey sa Kolehiyo.” Ipapresenta sa bawat pares ang kanilang paaralan sa klase. Habang nakikinig ang mga estudyante

sa kanilang mga kaklase, ipagamit sa kanila ang activity sheet upang itala ang impormasyong sa tingin nila ay mahalaga o interesante.

**3. Maitugma ng mga estudyante ang mga karera/propesyon sa mga dalawang taon at apat na taong kolehiyo.**

Ipagamit sa mga estudyante ang mga tala sa kanilang activity sheet na “Survey sa Kolehiyo” upang maghanap ng isa o higit pang kolehiyo na akma sa mga trabaho, karera, o propesyon na kinagigiliwan nila. Sabihin sa kanila na markahan ang mga kolehiyong angkop sa karera sa kanilang mga activity sheet. Tagubilinan ang mga estudyante na makipagkonsultahan sa kanilang mga ka-partner upang beripikahin ang kanilang mga pinili at sagutin ang anumang karagdagang tanong.

# Bahagi II: Paglilimita sa Larangan 15 Minuto

Layunin: Matukoy ng mga estudyante ang mga salik na nakakaimpluwensya sa pagpili ng paaralan, kabilang ang matrikula, lokasyon, at mga requirement.

**1. Mapaghambing ng mga estudyante ang matrikula at iba pang gastos.**

Ipamahagi ang activity sheet na “Paglilimita sa Larangan”. Papiliin ang mga estudyante ng tatlong kolehiyo mula sa kanilang mga activity sheet na “Survey sa Kolehiyo” at isulat ang mga pangalan ng mga kolehiyong ito sa itaas ng bawat hanay sa sheet na “Paglilimita sa Larangan”. Atasan ang bawat pares na kwentahin ang gastos ng isang degree sa mga kolehiyong interesante para sa kanila (karaniwang 60 credit para sa associate's degree at 120 credit para sa bachelor's degree). Tagubilinan ang mga estudyante na talakayin ang impormasyon sa kanilang mga ka-partner at isulat ito sa kanilang mga activity sheet na “Paglilimita sa Larangan”. Magugulat at malamang na masisiraan ng loob ang mga estudyante sa gastos ng mas mataas na edukasyon. Sabihin sa kanila na sa mga susunod na aralin, matututunan nila ang tungkol sa iba't ibang paraan upang bayaran ang kanilang edukasyon, kabilang ang mga scholarship, grant, at loan.

**2. Isinasaalang-alang ng mga estudyante ang mga salik ng lokasyon at transportasyon.**

Hilingin sa mga pares na suriin ang kanilang mga kolehiyo kaugnay ng kung saan sila nakatira. Maaari ba silang mag-commute? Mayroon bang pampublikong transportasyon? Kakailanganin ba nila ng kotse? Kailangan ba nilang manirahan sa campus o malapit sa paaralan? Ipasuri sa bawat pares ang impormasyon sa transportasyon sa kanilang sheet na "Sarbey sa Kolehiyo" at idagdag ito sa kanilang mga sheet na "Paglilimita sa Larangan."

**3. Mapaghambing ng mga estudyante ang mga requirement sa pagpasok sa kolehiyo.**

Isulat ang mga sumusunod na termino sa pisara: "Mga iskor sa SAT," "GPA," "ranggo sa klase," at "personal na panayam." Ipaliwanag ang mga terminong ito sa mga estudyante kung kinakailangan. Dahil limitado ang mga pasilidad, ang mga kolehiyo ay may mga requirement tulad nito upang pumili ng mga estudyante mula sa mga nag-a-apply. Atasan ang mga estudyante na saliksikin ang mga tiyak na requirement para sa mga paaralang interesante para sa kanila. Pagkatapos, ipamahagi ang activity sheet na "Paghahanda para sa Kolehiyo" sa mga estudyante. Tagubilinan ang mga estudyante na tingnan ang mga kurso na natapos na nila at itala ang mga requirement na hindi pa nila nakukumpleto. Ipadagdag sa mga estudyante ang bagong impormasyon upang kumpletuhin ang kanilang mga activity sheet na "Paglilimita sa Larangan".

**4. Maisaalang-alang ng mga estudyante ang iba pang salik na may kaugnayan sa pagpili ng kolehiyo.**

Isulat ang mga sumusunod na termino sa pisara: "campus," "mga pasilidad," "palakasan," at "mga club." Kunin mula sa mga estudyante ang kahulugan para sa bawat termino. Talakayin sa mga estudyante kung bakit dapat isaalang-alang ang mga salik na ito kapag pumipili ng kolehiyo. Ipunto na bagaman napakaimposible na isang paaralan lamang ang makakatugon sa lahat ng kanilang pangangailangan, dapat pa rin silang maghanap ng paaralan na may pinakamaraming katangian na gusto nila. Ipasuri sa mga magkakapares ang kanilang mga sheet na "Sarbey sa

Kolehiyo" para sa impormasyong ito. Bigyan ang mga estudyante ng ilang minuto upang idagdag ang bagong datos na ito sa kanilang mga activity sheet na "Paglilimita sa Larangan".

**5. Mairanggo ng mga estudyante ang mga kolehiyong interesante para sa kanila.**

Ipunto sa mga estudyante na mayroon na silang malaking impormasyon tungkol sa mga kolehiyong interesante para sa kanila. Sabihin sa mga estudyante na lagyan ng numero ang mga kolehiyo sa kanilang survey mula isa hanggang tatlo ayon sa pagkakasunod-sunod ng kagustuhan (ang isa ang nangungunang gusto) at ibahagi ang kanilang mga resulta sa kanilang mga ka-partner. Hikayatin silang magtanong tungkol sa mga pinili ng kanilang mga kaklase, na ipinupunto na, halimbawa, ang anumang salik na maaaring hindi nabigyang-pansin.

# Bahagi III: Ang Tamang Katangian 15 Minuto

Layunin: Mapakinggan at matalakay ng mga estudyante ang isang totoong kuwento ng tagumpay at mailapat ang kanilang natutunan.

**1. Makapagbasa ang mga estudyante ng isang totoong kuwento ng tagumpay.**

Ipamahagi ang activity sheet na "Patuloy na Lumilinang sa mga Landas ng Karera ang Pinagmulan sa Bronx". Ipabasa sa mga estudyante ang artikulo nang mag-isa o sa maliliit na grupo.

**2. Matalakay ng mga estudyante ang kuwento at kung paano ito maaaring maiugnay sa kanilang buhay.**

Simulan ang talakayan ng artikulo sa pamamagitan ng pagtatanong tulad ng mga sumusunod: "Ano ang pagkakatulad ninyo ni G. Cappelli? Ni Bb. Cruz? Bakit binigyan ni G. Cappelli si Bb. Cruz ng trabaho? Sa iyong palagay, paano nagbago ang pag-aaral ni Bb. Cruz pagkatapos ng unang tag-araw na nagtrabaho siya para kay G. Cappelli?" Hilingin sa mga estudyante na isaalang-alang kung paano maaaring nakinabang ang isang batang Louie Cappelli mula sa module na ito.

# Konklusyon

2 Minuto

Tagubilinan ang mga estudyante na balikan ang mga activity sheet na kanilang nakumpleto sa araling ito. Itanong, “Ano ang maaari mong gawin sa susunod na semestre o ngayong tag-araw upang mas maging handa ka para sa kolehiyo?” Kunin sa mga estudyante ang mga sumusunod na **pangunahing punto** na itinuro sa araling ito:

- May iba't ibang uri ng kolehiyo, kung saan ang bawat isa ay nag-aalok ng iba't ibang degree.
- Pumili ng isang kolehiyo na nag-aalok ng mga degree o programa sa iyong larangan ng interes.
- Ang mga salik na dapat isaalang-alang sa pagpili ng kolehiyo ay kinabibilangan ng matrikula, lokasyon, at mga requirement sa pagpasok.

# Pagtatasa sa Estudyante

1. Maglista ng apat na salik na mahalaga sa pagpili ng kolehiyo.
2. Saan ka makakakuha ng impormasyon tungkol sa mga kolehiyong interesante para sa 'yo?
3. Anong mga hakbang ang maaari mong gawin upang matanggap sa kolehiyong iyong pinili?

# MGA PAGPAPALAWIG NG ARALIN

## PAGGAMIT NG MGA SIPI

“Sa lahat ng bagay, ang tagumpay ay nakasalalay sa naunang paghahanda, at kung walang ganoong paghahanda, tiyak na may kabiguan.”

Tagubilinan ang mga estudyante na magsulat ng isang talata tungkol sa kung paano makakatulong ang araling ito sa kanila sa pagpili ng kolehiyo.

## PAGTUGON SA IBA'T IBANG ESTILO NG PAGKATUTO

Pasulatin ang mga estudyante ng mga kanta o tula na naglalarawan ng kanilang perpektong institusyon ng mas mataas na pag-aaral.

Ipabigkas sa mga estudyante ang kanilang mga tula o liriko ng kanilang kanta.

## PAGSUSULAT SA IYONG JOURNAL

Pasulatin ang mga estudyante ng tungkol sa kung ano ang inaasahan nilang makuha mula sa institusyong pipiliin nilang pasukan. Ipalarawan sa mga estudyante kung bakit sa tingin nila ay gusto nilang pumasok sa ilang partikular na institusyon.

## PAGGAMIT NG TEKNOLOHIYA

Tagubilinan ang mga estudyante na gumawa ng mga “virtual tour” sa mga kolehiyo sa pamamagitan ng pagbisita sa mga website ng mga paaralang interesante para sa kanila. Ipalarawan sa mga estudyante kung ano ang kanilang nakita at kung ano ang pinakagusto nila sa bawat paaralan.

## TAKDANG-ARALIN

Hilingin sa mga estudyante na saliksikin kung aling mga paaralan ang may magandang reputasyon para sa mga programa sa larangan ng pag-aaral na nais nilang ipursigi. Tanungin sila kung bakit may magandang reputasyon ang paaralan (hal., dahil sa mga guro, pananaliksik, kurikulum, atbp.).

Tagubilinan ang mga estudyante na gumawa ng isang listahan ng limang paaralan na posibleng pasukan nila.

## MGA KARAGDAGANG RESOURCE

Ipasaliksik sa mga estudyante ang mga libro at artikulo tungkol sa pag-a-apply sa kolehiyo at ipabahagi sa kanila ang kanilang mga natuklasan sa klase. Bumuo ng isang listahan ng mga resource at bigyan ang bawat estudyante ng isang kopya.